**Research and Analysis Journals 5(07): 01-04, 2022**

**e-ISSN: 2589-9228, p-ISSN: 2589-921x**

**© 2022, RAJ**

**Research Article**

# Kalamangan at Kawalan ng Social Media sa Mag-aaral ng Senior Hayskul ng Gallanosa sa Panahon ng Pandemya

**Golloso, Christine Joy D., Millares, Kin Raxelle S., Onesa, Aljay B. Pitalbo, Vivian F., Toralba, Cheramie Joy G.**

Gallanosa National High School San Pedro Irosin Sorsogon

**Abstract:**
Social media is a catch-all term for various internet applications that allow users to create content and interact with each other. There are good and bad effects of social media on students, one of the good and bad is the factors or websites. One of its websites is the easy access or easy way to disseminate or share information. News that everyone is interested in knowing, such as class subsidies, news about the government or articles. On the other hand, young people become more open-minded to fellowship or friendship. Sometimes even if they don't know each other personally, they are added as friends or added to people who can see the content of their profile. That's why sometimes young people often get bogged down in posts they don't like, and this often leads to rocky outbursts of violent and unwelcome words. Sometimes young people today become too judgmental, perhaps because of what they see on social networking sites, freedom of expression even when we are hurting.

## I. Introduksyon

Ayon kay Dr. Bernadette Arcena ng St.Lukes Hospital, ang epekto ng social media ay nawawala ang quality time ng mga bata at lumalawak din ang communication gap at nawawala ang tutok sa pag aaral.Isa sa tatlong Pilipino ang gumagamit ng internet, ayon sa pinakahuling ulat ng internat and mobile marketing association of the phillipines(IMMAP). Sa taong 2014,naitalang mahigit 38 milyong pilipino ang gumagamit ng internet. Karamihan sa mg ito ay mga kabataang nasa edad 30 pababa. Ayon sa pag-aaral ng IMMAP noong setyembre(2014), mahigit 22 milyong pinoy ang gumagamit ng kanilang facebook gamit ang kanilang smartphone.

Ang social media ay may mga website at application na ginagamit ng malalaking grupo ng mga tao upang magbahagi ng impormasyon. Gamit ang internet, marami ang mga bagay na natutunang gawin, tulad na lamang ang paggawa ng iba't ibang proyekto sa paaralan na maaring hindi o mahirap hanapin sa libro ang mga pamamaraan. Isa ang Facebook na nakatutulong sa pag-aaral sapagkat dito nagkakaroon ng komunikasyon upang maipabatid ang bawat importanteng gawain at sadya sa isang tao na naglalaman ng mahahalagang impormasyon. Sumunod naman ang Google ang pinakamahalagang parte ng social media kung saan dito mahahanap ang mga impormasyon na kinakailangan sa mga ulat, pananaliksik, asignatura, proyekto at iba pa.Dulot ng makabagong teknolohiya, naging madali ang pananaliksik ng walang sinasayang na oras dahil sa milyong-milyong impormasyon na pumapasok sa internet na nakatutulong sa mabilis at madaliang pananaliksik.

Karamihan sa mga paaralan dito sa Pilipinas lalo na ang mga pribadong paaralan ay gumagamit na ng mga kompyuter na gumagamit ng internet. Mayroong tinatawag na *computer laboratory* kung saan natitipon ang lahat ng mga kompyuter na ginagamit sa pag aaral. Nang dahil dito, mas naging maginhawa at madali ang pagkalap ng mga impormasyon at mas epektibong naibabahagi ng mga guro ang kanilang leksyon sa tulong ng internet.Masasabi na malaking tulong ang teknolohiya sa pag-unlad ng iba't ibang aspeto ng kaalaman at ng edukasyon. Ang teknolohiya ay maaaring makapagdulot ng masasamang epekto sa mga mag aaral kapag ito ay nagamit sa hindi tamang paraan. Halos lahat ng estudyante ay gumagamit ng iba't ibang mga teknolohiya upang matapos ang mga gawain.Ang internet ay nakakatulong upang mabawasan ang tensyon sa mga mag-aaral dulot ng tuloy-tuloy na gawain.

Nabibigyan ng magandang pagkakataon ang mga mag-aaral upang lalo pang malinang ang kanilang pagkamalikhain o pagkamakasining at patuloy na pagkakaroon ng mga makabagong ideya.

### 1.1 Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag aaral na matukoy ang epekto ng kalmangan at kawalan ng social media sa estudyanteng nag aaral sa panahon ng pandemya.(1) Gaano na iimpluwensyahan ng social media ang mga mag aaral sa panahon ng pandemya.(2) Paano nakatutulong at nakakasama ang paggamit ng social media sa mga mag aaral. (3) Ano-ano ang epekto ng kalamangan at kawalan ng social media sa mental at pamamaraan ng pamumuhay ng mga mag aaral.

## 2. Pamamaraang ginamit

Ang mga naging kalahok ay binubuo ng 20 mag aaral na mula sa baitang 11 at 12 ng Mataas na Paaral ng Gallanosa sa bayan ng Irosin. Gumamit ng talatanungan upang malaman ang mga posibleng epekto at kagandahang dulot ng paggamit ng social media ng mga mag aaral sa panahon ng pandemya. Ang pag aaral na ito ay gagamitan ng naratibong pag-aanalisa ng mga datos batay sa mga panayam at mga sagot na makakalap sa talatanungan.

**Mga na Tuklasan**

(1)Mga mabubuti at masasamang dulot ng social media sa mga kabataan

Base sa surbey na isinagawa,natuklasan na ang social media ay may malaking tulong at maling naidudulot sa mga kabataan na nag-aaral sa mataas na paaralan ng gallanosa. Ayon sa mga kasagutan ng mga respondante,ang social media ay nakatutulong upang mapadali ang mga gawain sa asignatura, mas mapabilis ang pagkomunika sa mga guro at kaklase kapag mayroong katanungang dapat na malinawan. Mas napapabilis ang pananaliksik ng mga mag aaral sa mga asignatura at gawaing pang paaralan. Sa kabilang banda, ang social media ay mayroong ding masamang naidudulot sa mga kabataan, katulad na lamang sa mas natutuon nila ang kanilang oras at atensyon dulot ng masyadong mapanukso ang mga nakikita at nababasa sa social media. Nagkakroon ng maling paggamit ng social media tulad ng pagkalat ng mga maling impormasyon na nagdudulot ng kalituhan sa mga mambabasa. Nagagamit din ang social media sa karahasn tulad ng cyberbullying.

**Talanahayan 1.A**

**Pagkakaunawa ng Kalamangan at Kalawan ng Social Media sa Senior Hayskul sa Gallanosa**

| Pagkakaunawa ng kalamangan at kalawan ng Social Media sa senior Hayskul sa Gallanosa | Sang-ayon | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Ang social media ay hidi lamang libangan kondi ay may makakalap ring mga impormasyon na makakatulong sa pag-aaral. | **13** | **63.9** | **3** |
| Nakakatulong sa pakikipag kumunikasyon sa mga tao. | **16** | **76.8** | **2** |
| May mga salik ang social media na nag dudulot sa mga mag-aaral ng stress. | **18** | **88.2** | **1** |
| Nakakatulong ang social media sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pakikipag kumunika sa guro | **14** | **68.6** | **4** |

**(2) Malaman ang mga negatibo at positibog impak ng social media sa mga mag-aaral**

Base sa 20 na repondante, mayroong kalakip na masamang impak at mabuting kinalabasan sa paggamit ng social media.Sa nakaraang datos na nilabas ng Hootsuite at We Are Social Ltd., isang social media management platform, Plipinas ang may pinaka mataas na bilang na oras sa paggamit ng internet.

Nakakaaliw man ang paggamit nito, mayroon din mga ilang masamang epekto ang palagiang pag-access sa social media.

Ayon sa mga eksperto, nakaka-apekto ang madalas na internet access sa kalusugan ng ating utak. Nagdudulot ito ng “sleep deprivation” o dahilan upang hindi tayo makatulog sa gabi. Sa kabilang banda, nagiging dahilan din ito sa pagkakaroon natin ng maikling pasensya o pokus sa isang bagay.

Ayon sa artikel ng Forbes, ang pagbababad sa internet ay nakakapagdulot ng adiksyon. Nakaka-apekto ito sa iyong personal pakikipagtalastasan o sa iyong relasyon dahil mas maraming oras ang nasasayang ng isang indibidwal sa paggamit ng social media.

**Talanahayan 2.A**

**Negatibong Epekto ng Social Media sa Senior Hayskul Students sa Gallanosa**

| Negatibong epekto | Sang-ayon | Bahagdan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Pagkalat g mga maling impormasyon na nagdudulot ng kalituhan sa mga mangbabasa | 9 | 44.9 | 5 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagbaba ng grado ng mga mag-aaral dahil sa pagka-adik sa social media | 15 | 74.7 | 2 |
| Pagkalat ng cyberbullying | 13 | 65 | 3 |
| Mas nabibigyang tuon ang paggamit ng social media | 20 | 100 | 1 |
| Pagkaadik sa mga online games | 10 | 49.8 | 4 |

Isa sa mabuting epekto ng mga nabanggit na websites ay ang easy access o madaling paraan upang makapaglaganap o makapag bahagi ng impormasyon. Mga balita na interesadong malaman ng lahat, kagaya ng suspensyon ng klase, mga balita tungkol sa gobyerno o mga artikulo.

Sa larangan ng pagaaral ay nagdudulot ito ng magandang kapakinabangan sa mga magaaral sapagkat napapadali ang kanilang paghahanap ng mga bagay na kailangan nilang malaman gaya na lamang ng mga bagay na hindi pa nila alam , mga takdang aralin, research paper, mga proyekto at iba pa.

**Talanahayan 2.**

**Positibong Impak ng Social Media sa Senior Hayskul Students sa Gallanosa**

| **Positibong Impak** | **Sang-Ayon** | **Bahag-dan** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| Nakatutulong mapabilis ang pag search sa internet | 15 | 73.8 | 4 |
| Nakatulong ito sa maagandandang paraan sa pakikipag komunikasyon sa iba at lalong lalo na nakakatulong ito sa mag aaral sa panahon ngayong pandemya na mag kalap ng impormasyon sa google sapagkat di lahat ng estudyante ay alam ang lahat kaya itoy lubos na makakatulong | 20 | 100 | 1 |
| Sa paraan ng pagbabahaging kaalaman dahil dito ay natutunan at makapupulot pa rin ng kaalaman sa kabila ng limitadong mga bagay dulot ng pandemya | 18 | 89.7 | 2 |
| Kadalasang napapadali nito ang mga bagay na minsang hindi maunawaan ng mag aaral nakakatulong ito sa pagresearch ng mga bagay na mahirap maintidihan | 17 | 84.4 | 3 |

**Konklusyon**

Batay sa mga datos na nakalap at sinuri ng mga mananaliksik. Natuklasan ang mga mabubuti at masasamang epekto ng social media sa mga mag-aaral. Napatunayan din na mas higit na nakatutulong ang social media sa pag-aaral ng mga senior hayskul.

(1) Mula sa nakalap na impormasyon parepareho ang mga kasagutan mula sa tanong na ibinigay sa kanila (2 may mga negatibong impak na naidudulot ang paggamit ng social media sa mga-mag aaral. (3) ang mga positibong impak naman ang siyang nagpapakita na kailangan balanse ang paggamit ng social media (4) ibat-ibang sagot ngunit isa lang ang pinupunto nila ata ito ay ang pagkakaroon ng mabuti at masamang epekto ng social media sa kanilang pag-aaral.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga resulta at konlusyon ng pag- aaral na ito, ang mga sumusunod na mga rekomendasyon ay:

1. (1.)Gaano man kabuti o kasama ang epekto ng social media, kailangan parin ng disiplina sa paggamit social media upang mapanatiling na sa maayos na kalusugan. (2.) Huwag gawing libangan lagi ang ibat ibang social media platform kundi matutong magbasa nalang libro.

**Dukumentasyon**





**Talasanggunian**

Pananaliksik tungkol sa epekto ng social media sa mga mag aaral ng 11 humss n2 ng swu phinma
https://www.studocu.com/ph/document/naga-college-foundation/ab-filipino/pananaliksik-tungkol-sa-epekto-ng-social-media-sa-mga-mag-aaral-ng-11-humss-n2-ng-swu-phinma/13862632

Mga rekomendasyon ni Ate Kea patungkol sa Social Media
https://keannaangelicalaude.wordpress.com/2016/11/01/mga-rekomendasyon-ni-ate-kea-patungkol-sa-social-media/

"positibo at negatibo na epekto ng internet at social media sa larangan ng pagaaral, pagsasaliksik at komunikasyon"
https://eamariaj.wordpress.com/2016/11/09/positibo-at-negatibo-na-epekto-ng-internet-at-social-media-sa-larangan-ng-pagaaral-pagsasaliksik-at-komunikasyon/

Positibo at negatibong epekto ng social networking sa mga kabataan
https://rafaelbelgira25.wordpress.com/2017/09/05/negatibo-at-positibong-epekto-ng-social-media/

Negatibo at Positibong Epekto ng SOCIAL MEDIA
https://pinasglobal.com/2017/07/masamang-epekto-ng-social-media/